2504 -1014

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

**ADVISORY No. 19, s. 2025**

In compliance with DepEd Order (D.O) No.8, s.2013
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**SERYE NG WEBINAR NG KWF SA BUWAN NG PANITIKAN 2025**

Batay sa Rehiyunal na Advisory Blg. 41, s. 2025, itatampok ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang serye ng webinar sa Buwan ng Panitikan 2025 sa Abril na may temang "Sikad Panitikan:Kultura at Panitikan ng Kaunlaran.

Ang naturang webinar ay bahagi ng pagtalima ng komisyon sa itinatadhana ng Proklamasyon Blg. 964, s. 1997 na pangunahan ang paggunita sa Araw ni Balagtas tuwing Abril 2 ng bawat taon gayundin ang Proklamasyon Blg. 968, s. 2015 na nagdedeklara sa buwan ng Abril bilang Buwan ng Panitikang Pambansa o National Literature Month.

Ang serye ng webinar ay live na mapapanood sa opisyal na Facebook Page ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Ang pagdalo ng mga guro/at o edukador ay boluntaryo lamang.

Ang iba pang detalye kaugnay sa gawaing ito ay makikita sa kalakip na pabatid o anunsiyo mula sa tagapangasiwa.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan kaugnay sa paglahok sa gawaing ito ay maaaring makipag-ugnay sa KWF, Sangay ng Impormasyon at Publikasyon (SIP) sa numero ng telepono blg. 0929-832-7205 o Email add:teenabustan@kwf.gov.ph.

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
16 APR 2025
RELEASED
BY:

CID/ftr/ADV_SeryengWebinarngKWFsaBuwanngPanitikan2025
Abril 16,2025

Address: Mena Crisologo St. corner Rivero St., Brgy. IX, Vigan City, Ilocos Sur
Telephone No: (077) 722-20-23 / (077) 632-05-33
Email Address: vigan.city@deped.gov.ph

2504-1014



DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION
010003
APR 14 2025

Advisory No. 41, s. 2025
APR 14 2025

In compliance with DepEd Order (D.O) No. 8, s. 2013
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**SERYE NG WEBINAR NG KWF SA BUWAN NG PANITIKAN 2025**

Itatampok ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang serye ng webinar sa Buwan ng Panitikan 2025 sa Abril na may temang "Sikad Panitikan: Kultura at Panitikan ng Kaunlaran."

Ang nabanggit na webinar ay bahagi ng pagtalima ng Komisyon sa itinatadhana ng Proklamasyon Blg. 964, s. 1997 na pangunahan ang paggunita sa Araw ni Balagtas tuwing Abril 2 ng bawat taon. Gayundin, inaatasan ng Proklamasyon Blg. 968, s. 2015 na nagdedeklara sa buwan ng Abril bilang **Buwan ng Panitikang Pambansa o National Literature Month** na nagbibigay-halaga sa panitikang nakalimbag sa iba't ibang wika sa Pilipinas na itinuturing na pamanang pangkultura sa mga susunod na henerasyon. Ang serye ng webinar ay *live* na mapanonood sa opisyal na *Facebook Page* ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Ang iba pang detalye kaugnay sa gawain na ito ay makikita sa kalakip na pabatid/anunsiyo mula sa tagapangasiwa ng gawain.

Ang pagdalo ng mga guro/at o edukador mula sa Kagawaran ng Edukasyon, kapuwa publiko at pribado, ay boluntaryo. Ang gawain ay dapat alinsunod sa polisiyang *no-disruption-of-classes* na itinatakda ng DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na "*Instituting Measures to Increase Engaged Time-On-Task and Ensuring Compliance Therewith.*"

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan kaugnay sa paglahok sa gawain na ito, maaaring makipag-ugnayan sa:

**Komisyon sa Wikang Filipino**
Sangay ng Impormasyon at Publikasyon (SIP)
Numero ng telepono blg. 0929-832-7205
Email add: teenabustan@kwf.gov.ph

CLMD/jdd/ADV_SeryengWebinarngKWFsaBuwanngPanitikan2025
Abril 14, 2025

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
APR 10 2025
BY: TIME:

**Serye ng Webinar ng KWF, tampok sa Buwan ng Panitikan 2025**

Itatampok ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang serye ng webinar sa Buwan ng Panitikan 2025 sa Abril na may temang "SIKAD PANITIKAN: Kultura at Panitikan ng Kaunlaran."

Itinatadhana ng Proklamasyon Blg. 964, s. 1997 na pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang paggunita sa Araw ni Balagtas tuwing Abril 2 ng bawat taón. Gayundin, inaatasan ng Proklamasyon Blg. 968, s. 2015 na nagdedeklara sa buwan ng **Abril** bilang **Buwan ng Panitikang Pambansa o National Literature Month** na nagbibigay-halaga sa panitikang nakalimbag sa iba't ibang wika sa Pilipinas na itinuturing na pamanang pangkultura sa mga susunod na henerasyon.

Ang unang webinar ay nakaiskedyul sa 07 Abril 2025, 10:00 nu–12:00 nt na may paksang "Pagtanaw sa Pagsulong ng Literaturang GAD sa Pag-unlad ng Bansa" na tatalakayin naman ni Dr. John Iremil E. Teodoro, Kawaksing Propesor, De La Salle University-Manila

Ang ikalawang webinar ay nakatakda sa 14 Abril 2025, 10:00 nu–12:00 nt na may paksang "Mga Trend at Hámon sa Pagtuturo ng Panitikan sa Kasalukuyan" na ang tagapagsalita ay si Dr. Eugene Y. Evasco, Propesor, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Ang ikatlong webinar ay gaganapin sa 21 Abril 2025, 10:00 nu–12:00 nt na may paksang "Panitikan at Wika: Pagpapalaganap ng Filipino Sign Language sa Pagsulong ng Ingklusibong Lipunan" na tatalakayin ni John Xandre C. Baliza, Chairperson, BSLI Program, School of Deaf Education and Applied Studies, College of Saint Benilde.

Ang ikaapat na webinar ay isasagawa sa 28 Abril 2025, 10:00 nu–12:00 nt na may paksang "Mga Lihim na Bayani ng Panitikan" na tatalakayin ni MJ N. Rafal, Propesor, Kagawaran ng Filipinolohiya, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP).

Ang serye ng webinar ay live na mapanonood sa opisyal na Facebook page ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Sa mga nagnanais na dumalo sa serye ng webinar *via zoom* ay maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon (SIP) sa telepono bilang 0929-832-7205 o magpadala ng email sa teenabustan@kwf.gov.ph para sa mga tanong at paglilinaw.

Ang mga dadalo sa nabanggit na webinar ay makatatanggap ng e-sertipiko mula sa KWF. ###

Documan 8
DepEd RO1 REC2504891